# *Bantay Yugto 22*

***Malinaw na nakikita ng mga bantay ang plano ng Dios para sa pagpapanumbalik ng Kanyang bayan***

***"6 Sapagka't magkakaroon ng araw, na ang mga bantay sa mga burol ng Ephraim ay magsisihiyaw. Kayo'y magsibangon, at tayo'y magsisampa sa Sion na pumaroon sa Panginoon nating Dios." (Jeremias 31:6 KJV)***

Isa sa mga katangian ng bantay ng Dios ay ang kanyang kakayahang makita at maunawaan nang maaga ang plano ng Dios na ibalik ang Kanyang bayan. May itinakdang panahon ang Dios para gawin ito, at ang bantay na may taglay ang pananampalataya at ang pagpapahid ng Espiritu Santo ay makakapagpahayag ng propesiya at makakapagtiyak sa bayan ng Dios na gagawin ito ng Panginoon.

Sinasabi sa ***Jeremias 31*** ang tungkol sa plano ng Dios upang panumbalikin ang Israel; hindi lamang ang Juda kundi ang buong angkan ngb Israel. Ang Salita ng Dios sa ***Jeremias 31:1-5*** ay ipinapaalala sa Kanyang bayan at mga bantay kasama ng Kanyang pagibig na mula sa pasimula, na maari nilang ilagak ang kanilang pagasa sa Kanya: ***"1 Sa panahong yaon, sabi ng PANGINOON, magiging Dios ako ng lahat na angkan ni Israel, at sila'y magiging aking bayan. 2 Ganito ang sabi ng PANGINOON, Ang bayan na naiwan ng tabak ay nakasumpong ng biyaya sa ilang; oo, ang Israel, nang aking papagpahingahin. 3 Ang PANGINOON ay napakita nang una sa akin, na nagsasabi, Oo, inibig kita ng walang hanggang pagibig: kaya't ako'y lumapit sa iyo na may kagandahang-loob. 4 Muling itatayo kita, at ikaw ay matatayo, Oh dalaga ng Israel: muli na ikaw ay magagayakan ng iyong mga pandereta, at lalabas ka sa mga sayawan nila na nasasayahan. 5 Muli kang magtatanim ng mga ubasan sa mga bundok ng Samaria: ang mga mananamim ay mangagtatanim, at mangagagalak sa bunga niyaon." (Jeremias 31:1-15 KJV)*** Huwag mawalan ng pagasa at huwag panghinaan ng loob mahal ka pa rin ng Dios at mayroon Siyang plano upang ibalik ka, kaya magtiwala lamang sa Kanya, bumalik sa Kanya at pagpapalain ka Niya.

Sinasabi sa ***Jeremias 31:7-12*** kung paano ibabalik ng Dios ang mga inapo ni Jacob na ikinalat Niya sa mga bansa:

***"7 Sapagka't ganito ang sabi ng PANGINOON, Kayo'y magsiawit ng kasayahan dahil sa Jacob, at magsihiyaw kayo dahil sa puno ng mga bansa: mangagtanyag kayo, magsipuri kayo, at mangagsabi, Oh PANGINOON, iligtas mo ang iyong bayan, ang nalabi sa Israel. 8 Narito, aking dadalhin sila mula sa lupaing hilagaan, at pipisanin ko sila mula sa mga kahulihulihang bahagi ng lupa, at kasama nila ang bulag at ang pilay, at ang buntis at ang nagdadamdam na magkakasama: malaking pulutong na magsisibalik sila rito. 9 Sila'y magsisiparitong may iyakan, at may mga pamanhik na aking papatnubayan sila; akin silang palalakarin sa tabi ng mga ilog ng tubig, sa matuwid na daan na hindi nila katitisuran; sapagka't ako'y pinakaama sa Israel, at ang Ephraim ang aking panganay. 10 Inyong dinggin ang salita ng PANGINOON, Oh ninyong mga bansa, at inyong ipahayag sa mga pulo sa malayo; at inyong sabihin, Ang nagpangalat sa Israel, siyang magpipisan sa kaniya, at magiingat sa kaniya, gaya ng ginagawa ng pastor sa kaniyang kawan. 11 Sapagka't tinubos ng PANGINOON ang Jacob, at tinubos niya siya sa kamay ng lalong malakas kay sa kaniya. 12 At sila'y magsisiparito at magsisiawit sa kaitaasan ng Sion, at magsisihugos na magkakasama sa kabutihan ng PANGINOON, sa trigo, at sa alak, at sa langis, at sa guya ng kawan at ng bakahan: at ang kanilang kaluluwa ay magiging parang dinilig na halamanan; at hindi na sila mangamamanglaw pa sa anoman." (Jeremias 31:7-12 KJV)***

Talagang disidido ang Dios na ibalik sila sa dati matapos silang magsisi, upang patunayan sa kanila ang Kanyang walang-hanggang pag-ibig. ***"3 Ang PANGINOON ay napakita nang una sa akin, na nagsasabi, Oo, inibig kita ng walang hanggang pagibig: kaya't ako'y lumapit sa iyo na may kagandahang-loob." (Jeremias 31:3 KJV)*** Ibabalik ng Panginoon ang kagalakan at kasiyahan sa Kanyang bayan, ***"13 Kung magkagayo'y magagalak ang dalaga sa sayawan, at ang mga binata, at ang matanda na magkakasama: sapagka't aking gagawing kagalakan ang kanilang pagluluksa, at aking aaliwin sila at aking pagagalakin sila sa kanilang kapanglawan. 14 At aking sisiyahin ang loob ng mga saserdote sa kaginhawahan, at ang aking bayan ay masisiyahan sa aking kabutihan, sabi ng PANGINOON." (Jeremias 31:13-14 KJV)*** Sa gayon habang tunay ka ng nagsisisi at bumalik sa Dios, ibabalik Niya ang Kanyang mga kayamanan at pagpapala sa iyo at manunumbalik ang iyong kagalakan habang ibinabalik ng Dios ang iyong mabuting kalusugan at lakas, at muli Niyang ipinagkakaloob ang iyong mga pangangailangan.

Inilibing ni Jacob ang kanyang asawang si Raquel sa tabi ng daan patungong Ephrata, na kilala rin bilang Bethlehem gaya ng mababasa natin dito: ***"7 At tungkol sa akin, nang ako'y dumating mula sa Padan, si Raquel ay namatay sa akin sa lupain ng Canaan sa daan, nang kulang pa ng kaunti upang dumating sa Ephrata: at aking inilibing siya roon sa daan ng Ephrata (na siya ring Bethlehem)." (Genesis 48:7 KJV)*** At pinatay ni Herodes ang mga bata sa Betlehem, ***"16 Nang magkagayon, nang mapansin ni Herodes na siya'y pinaglaruan ng mga Pantas na lalake, ay nagalit na mainam, at nagutos, at ipinapatay ang lahat ng mga***

***sanggol na lalake na nangasa Bet-lehem, at sa buong palibotlibot noon, mula sa gulang na dalawang taon hanggang sa pababa, alinsunod sa panahon ng kaniyang maingat na pagkasiyasat sa mga Pantas na lalake. 17 Nang magkagayo'y naganap ang sinalita sa pamamagitan ng propeta Jeremias, na nagsasabi, 18 Isang tinig ay narinig sa Rama, Pananangis at kalagimlagim na iyak, Tinatangisan ni Raquel ang kaniyang mga anak; At ayaw na siyang maaliw, sapagka't sila'y wala na." (Mateo 2:16-18 KJV)*** Sa ***Jeremias 31*** nakikita ng bantay kung paanong nilusob at sinalakay ng kamatayan ang mga anak ng Dios, ngunit nakikita rin niya ang pagpapanumbalik sa bayan ng Dios at kung paano sila ibabalik ng Dios. ***"15 Ganito ang sabi ng PANGINOON, Isang tinig ay narinig sa Rama, panaghoy, at kalagimlagim na iyak, iniiyakan ni Raquel ang kaniyang mga anak; siya'y tumatangging maaliw dahil sa kaniyang mga anak, sapagka't sila'y wala na. 16 Ganito ang sabi ng PANGINOON, Iyong pigilin ang iyong tinig sa pagiyak, at ang iyong mga mata sa mga luha: sapagka't gagantihin ang iyong mga gawa, sabi ng PANGINOON; at sila'y magsisibalik na mula sa lupain ng kaaway." (Jeremias 31:15-16 KJV)*** At humihiyaw tayo kasama ng propeta at sa diwa ng propesiya at tinatanggap ang pangako ng Dios para sa pagpapanumbalik. Ang ating pagpapagal at pagsusumikap ay hindi walang kabuluhan, ibabalik ng Dios ang lahat ng ating pagpapagal sa mga taon at gagantimpalaan tayo para sa lahat ng ating mga sakripisyo kahit na pagkatapos ng mahabang panahon mula sa mga kaguluhan at pagkatapos ng mga pagkawala. Ang Salita ng Dios ay nagbibigay sa atin ng pag-asa at pagpapanumbalik ng ating pananampalataya at ang ating pagtitiwala sa Dios na ang nawala sa ating nakaraan ay ibabalik ng Dios, ***"17 At may pagasa sa iyong huling wakas, sabi ng PANGINOON; at ang iyong mga anak ay magsisiparoon uli sa kanilang sariling hangganan." (Jeremias 31:17 KJV)***

Ang pinakamahalagang punto na dapat nating pagtuunan ng pansin ay ang pagsisimula ng pagpapanumbalik ng Dios pagkatapos ng pagsisisi. Ipinakita ng mga Israelita ang kanilang pagsisisi sa Dios, gaya ng mababasa natin sa mga talata 18 at 19: ***"18 Tunay na aking narinig ang Ephraim na nananaghoy sa kaniyang sarili ng ganito, Inyong pinarusahan ako, at ako'y naparusahan na parang guya na hindi hirati sa pamatok: papanumbalikin mo ako, at ako'y manunumbalik sa iyo; sapagka't ikaw ang PANGINOON kong Dios. 19 Tunay na pagkapanumbalik ko sa iyo ay nagsisi ako; at pagkatapos na ako'y maturuan ay nagsugat ako ng hita: ako'y napahiya, oo, lito, sapagka't aking dinala ang kakutyaan ng aking kabataan." (Jeremias 31:18-19 KJV)*** Habang dinidisiplina ng Dios ang mga Israelita at inilalagay sila sa matitinding pagsubok, ang paghihirap na kanilang naranasan ay nagdulot sa kanila ng matinding sakit at dusa, na nag-udyok sa kanila na bumalik sa Dios. Sa parehong paraan, kapag dinidisiplina tayo ng Dios, ang sakit at paghihirap na ipaparanas Niya sa atin ay magtutulak sa atin na magsisi at bumalik sa Dios na mahabagin sa atin at magpapalaya sa atin mula sa masasakit na kalagayan at mga pagsubok na ating kinakaharap.

Isa pang mahalagang tanda ng pagsisisi ng Israel ay ang mababasa natin sa talata 6, ***"6 Sapagka't magkakaroon ng araw, na ang mga bantay sa mga burol ng Ephraim ay magsisihiyaw. Kayo'y magsibangon, at tayo'y magsisampa sa Sion na pumaroon sa PANGINOON nating Dios." (Jeremias 31:6 KJV)*** Ang tanda ng pagsisisi dito ay hindi lamang panunumbalik sa Panginoon kundi bumalik sa santuwaryo ng Dios sa Sion, sa kanyang simbahan. Malinaw na makikita ng bantay at idirekta ang mga tao na ang pagsisisi ay bumalik sa simbahan ng Dios.

Alam natin na matapos mamatay ni Solomon, humiwalay ang sampung angkan sa Juda upang magtatag ng sariling kaharian, at lumayo sila sa santuwaryo ng Dios sa Jerusalem na kung saan naglilingkod at nagtuturo ng dalisay na Salita ng Dios ang mga paring Levita. Ang tunay na pagsisisi ay ang pagbabalik sa Dios at pagpunta sa simbahang itinalaga Niya para sa iyo, na may kakayahang ituro nang wasto sa iyo ang Kanyang Salita at ang Kanyang mga pamamaraan. Ang bantay ay ang taong nakakakita nang malinaw sa mga bagay-bagay; ang bantay ng Ephraim ay humiyaw mula sa mga burol ng Ephraim. ***"Kayo'y magsibangon, at tayo'y magsisampa sa Sion na pumaroon sa PANGINOON nating Dios."*** Talagang inaakay niya ang mga tao pabalik sa Dios habang tinatawag niya silang bumalik sa Jerusalem at hindi sa Samaria.

* Ang pagsisisi ay ang pagtalikod sa kasalanan, pagbabalik sa Dios at sa simbahan kung saan ka inilagay ng Dios. * Samakatuwid habang ang mga tao ay nananatili at nagpapakita ng tunay na pagsisisi, ang plano ng Dios sa pagpapanumbalik ay uusad nang maayos at may masaganang pagpapala. * Pabibilisin ng Panginoon ang pagpapanumbalik at gagabayan ang mga tao at ilalagay sila kung saan niya itinalaga para sa kanila.

Ipinahayag pa ng Dios ang kanyang pagibig at pagmamalasakit sa Kanyang bayan at ang Kanyang karagdagang plano para sa kanila habang sila ay nagsisi, ***"20 Ang Ephraim baga'y aking minamahal na anak? siya baga'y iniibig na anak? sapagka't kung gaano kadalas nagsasalita ako laban sa kaniya, ay gayon ko inaalaala siya ng di kawasa: kaya't nananabik ang aking puso sa kaniya; ako'y tunay na maaawa sa kaniya, sabi ng PANGINOON." (Jeremias 31:20 KJV)*** Kapag nagsisi ka bubuksan ng Dios ang iyong paningin at malinaw mong makikita ang mga bagong bagay na ginagawa Niya sa iyong buhay.

***1. Maglulunsad ang Dios ng mga pamamaraan para sa pagpapanumbalik upang muling mapalapit sa Kanyang bayan: "21 Maglagay ka ng mga patotoo, gumawa ka ng mga haliging tanda: ilagak mo ang iyong***

***puso sa dakong lansangan, sa daan na iyong pinaroonan: ikaw ay magbalik uli, Oh dalaga ng Israel, ikaw ay bumalik uli rito sa mga bayang ito." (Jeremias 31:21 KJV)*** Kung handa kang bumalik, malinaw at detalyadong ipapakita sa iyo ng Dios ang landas na dapat mong tahakin.

***2. Mapapanumbalik ang pamilya: "22 Hanggang kailan magpaparoo't parito ka, Oh ikaw na tumatalikod na anak na babae? sapagka't ang PANGINOON ay lumikha ng bagong bagay sa lupa, Ang babae ay siyang mananaig sa lalake." (Jeremias 31:22 KJV)*** Ang mga watak-watak na pamilya ay muling mabubuo, ang mag-asawa ay magbabalik at magkakaisa, ***"Ang babae ay siyang mananaig sa lalake."*** At magsisimula silang magkatuwang na mag-alaga sa kanilang mga anak.

***3. Isang bagong pagpapalang itinalaga para sa bayan ng Dios: "23 Ganito ang sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, ng Dios ng Israel, Kanilang gagamitin uli ang pananalitang ito sa lupain ng Juda at sa mga bayan niyaon, pagka aking dadalhin uli mula sa kanilang pagkabihag: Pagpalain ka ng PANGINOON. Oh tahanan ng kaanapan, Oh bundok ng kabanalan. 24 At ang Juda at ang lahat na bayan niya ay tatahan doon na magkakasama; ang mga mangbubukid at ang mga lumilibot na may mga kawan." (Jeremias 31:23-24 KJV)*** Babaligtarin ng Dios ang mga pinsalang naganap noon sa iyong buhay at sa buhay ng simbahan, at ibabalik sa iyo at sa Kanyang simbahan ang mga dating pagpapala.

***4. Magkakaroon ng pagpapanumbalik ng ugnayan at pagkakaisa: "27 Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na aking hahasikan ang sangbahayan ni Israel at ang sangbahayan ni Juda ng binhi ng tao at ng binhi ng hayop." (Jeremias 31:25-27 KJV)*** Naghiwalay ang Juda at Israel, ngunit dito ay binanggit ng Dios na Siya ay darating at maghahasik ng Kanyang mga pagpapala sa kanila bilang tanda ng Kanyang kasiyahan sa kanila; mangyayari ito kapag ang Israel ay nakabalik na at nakipag-isa sa Juda. Ang pagbabalik sa Dios ay pagbabalik sa pagkakaisa kasama ang Kanyang simbahan. Ipinapaalala nito sa atin ang Salita ng Diyos sa ***Awit 133***, kung saan itinakda at iniutos ng Dios ang Kanyang pagpapala, ang masaganang buhay, at ang buhay na walang hanggan. ***"1 Masdan ninyo, na pagkabuti at pagkaligaya sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa!2 Parang mahalagang langis sa ulo, na tumutulo sa balbas, sa makatuwid baga'y sa balbas ni Aaron. Na tumulo sa laylayan ng kaniyang mga suot; 3 Gaya ng hamog sa Hermon, na tumutulo sa mga bundok ng Sion: sapagka't doon pinarating ng PANGINOON ang pagpapala, sa makatuwid baga'y ang buhay na magpakailan pa man." (Awit 133:1-3 KJV)***

***5. Kaginhawaan at kasiyahan: "25 Sapagka't aking bibigyang kasiyahan ang pagod na tao, at lahat na mapanglaw na tao ay aking pinasasaya." (Jeremias 31:25 KJV)*** Ang mga taong pinanumbalik ng Dios sasabihin nila, ***"26 Dito'y nagising ako, at ako'y lumingap; at ang aking pagkakatulog ay masarap." (Jeremias 31:26 KJV)*** Sa pagbabalik sa Dios, ang pagkain ay magiging matamis, ang inumin ay magiging matamis at ang pagtulog ay magihhing matamis kapag nagsisi ka at bumalik ng ganap sa Dios.

***6. Mananaig ang katarungan: "29 Sa mga araw na yaon ay hindi na sila mangagsasabi. Ang mga magulang ay nagsikain ng mga maasim na ubas, at ang mga ngipin ng mga bata ay nagsisipangilo. 30 Nguni't bawa't isa ay mamamatay ng dahil sa kaniyang sariling kasamaan: lahat na nagsisikain ng mga maasim na ubas ay magsisipangilo ang mga ngipin." (Jeremias 29-30 KJV)*** Ang Dios ay Dios ng katarungan at parurusahan Niya ang mga nagkakasala ayon sa kanilang mga kasalanan. Habang ikaw ay nagsisisi, makikita mo kung paano ka inililigtas ng Dios mula sa maraming problema at sa masasakit na pagsubok na iyong pinagdadaanan bago ka nagsisi.

***7. Isang bagong tipan: "31 Narito, ang mga araw ay dumarating, sabi ng PANGINOON, na ako'y makikipagtipan ng panibago sa sangbahayan ni Israel, at sa sangbahayan ni Juda: 32 Hindi ayon sa tipan na ipinakipagtipan ko sa kanilang mga magulang sa araw na aking kinuha sila sa pamamagitan ng kamay upang ilabas sila sa lupain ng Egipto; na ang aking tipan ay kanilang sinira, bagaman ako'y asawa nila, sabi ng PANGINOON Kundi ito ang tipan na aking ipakikipagtipan sa sangbahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng PANGINOON, Aking itatala ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilang puso; at ako'y magiging kanilang Dios, at sila'y magiging aking bayan; 34 At hindi na magtuturo bawa't isa sa kanila sa kaniyang kapuwa, at bawa't tao sa kaniyang kapatid, na magsasabi, Iyong kilalanin ang PANGINOON; sapagka't makikilala nilang lahat ako, mula sa kaliitliitan sa kanila hanggang sa kadakidakilaan sa kanila, sabi ng PANGINOON: sapagka't aking ipatatawad ang kanilang kasamaan, at ang kanilang kasalanan ay hindi ko na aalalahanin." (Jeremias 31:31-34 KJV)*** Ang pagbabalik sa Dios nang may pagsisisi, pagtalikod sa buhay na puno ng kasalanan, at pagkakaroon ng pananampalataya sa ginawa ni Jesus sa krus na kung saan ibinuhos Niya ang Kanyang dugo at namatay para sa ating mga kasalanan ay magdadala sa iyo sa isang tipan sa Dios; sa tipang ito, ibubuhos Niya ang Kanyang Banal na Espiritu sa atin at isusulat ang Kanyang Salita sa ating mga puso. ***"10 Sapagka't ito ang pakikipagtipang aking gagawin sa sangbahayan ni Israel Pagkatapos ng mga araw na yaon, sinasabi ng Panginoon; Ilalagay ko ang aking mga kautusan sa kanilang pagiisip, At sa kanilang mga puso'y aking isusulat ang mga ito. At ako'y magiging***

***Dios nila, At sila'y magiging bayan ko: 11 At hindi magtuturo ang bawa't isa sa kaniyang kababayan, At ang bawa't isa sa kaniyang kapatid, na sasabihing, Kilalanin mo ang Panginoon: Sapagka't ako'y makikilala ng lahat, Mula sa kaliitliitan hanggang sa kadakidakilaan sa kanila. 12 Sapagka't ako'y magiging mahabagin sa kanilang kalikuan, At ang kanilang mga kasalanan ay hindi ko na aalalahanin pa." (Hebreo 8:10-12 KJV)***

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Isapuso mo ang mensaheng ito: mahal ka ng Dios, at dahil nagsisi ka, nais Niyang ibalik ka sa dati at pagpalain kang muli. Maging bantay ka na nakakakita sa pagbabalik ng pagpapanumbalik ng Dios. Hikayatin ng mga tao, tulungan silang makita ang mabuting plano ng Dios para sa kanila, at gabayan silang muling ilagak ang kanilang pag-asa sa Panginoon. Manalangin tayo...

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa Iyong Salita na tumutulong sa akin na makita ang Iyong mabuting plano ng pagpapanumbalik para sa akin at sa Iyong bayan. Panginoon, salamat sa pagliliwanag sa aking isipan tungkol sa mga bagay na kailangan kong pagsisihan, at salamat sa pagbubukas ng aking mga mata upang makita ang iyong mabuting plano para sa akin at ang landas na dapat kong tahakin upang lubos na manumbalik sa iyo.*

*Ipahayag at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipahayag ang iyong pagtalikod at paglayo sa Dios at sa Kanyang simbahan. Ipahayag ang iyong pagiging makamundo at ang iba pang mga kasalanang naglayo sa iyo sa Dios. Ipahayag na lumayo ka dahil nais mong sundin ang sarili mong kalooban at plano. Ipahayag ang iyong kawalan ng pananampalataya at pagtitiwala sa Dios. Ipahayag ang pagsasayang ng iyong oras sa media at sa mga kaibigan. Ipahayag ang iyong hindi pagbabasa ng Bibliya at kawalan ng pananalangin. Panginoon, ako ay nagsisisi; patawarin mo ako sa mga sumusunod na kasalanan __________________________.*

*Panginoon, inilalaan ko ang aking sarili upang ipalaganap ang iyong Salita at hikayatin ang mga tao na bumalik sa iyo at magsisi, upang matamasa nila ang iyong mabuting plano ng pagpapanumbalik. Panginoon, tulungan mo ako at bigyan ng lakas ng loob at pagtitiyaga na gawin iyon sa pangalan n Jesus, Amen*

*Panginoon, salamat po sa lahat ng aking mga Kapatid na nagsisi at nagbalik-loob sa iyo. Panginoon, ibalik mi sila at buksan ang kanilang mga mata upang makita ang Iyong mabuting plano para sa kanila at ang mga pagpapalang Iyong itinakda sa kanilang buhay. Panginoon, gamitin mo ang kanilang buhay bilang mabuting patotoo sa iba upang makilala ka. Panginoon, gawin mo silang mga bantay at na mabunga at mabuting halimbawa na susundin ng iba.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang Iyong simbahan, at salamat sa plano ng pagpapanumbalik na iyong itinakda para sa amin. Panginoon, nagtitiwala kami sa iyo na ibabalik Mo ang maraming tumalikod sa landas ng iyong mga landas at ang mga kapisanang tumalikod sa iyong mga landas. Panginoon, dalhin mo sila sa tunay na pagsisisi. Panginoon, idinadalangin namin ang pagkakaisa sa simbahan kasama mo at sa iyong Salita. Panginoon, tulungan mo kaming patuloy na gawin ang iyong kalooban at turuan ang iyong bayan at gabayan sila sa iyong plano at layunin sa kanilang buhay at sa iyong mga pamamaraan upang maibalik sila sa yo. Panginoon, puspuin mo kami ng Banal na Espiritu, akayin mo kami upang humayo at mangaral, gumawa ng mga bagong disipulo, at magsanay ng mga bagong manggagawa upang magtanim ng mga bagong pag-aaral sa Bibliya at mga bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, idinadalangin namin na mas maraming tao ang mabutismuhan sa tubig at tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com